
4

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 3: Katotohanan: Pagninilay-nilayan Ko!



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## Alamin

Karamihan sa mga impormasyong ipinababatid mula sa balita, patalastas, programang pantelebisyon, *internet* o *social networking sites* ay mapanghikayat at kaakit-akit. Ang ma batang katulad mo ay maaaring madaling mapaniwala ng mga ito. Ang isang paraan ng pagbabalanse ng impormasyon kung ito ay totoo o hindi ay pagninilay-nilay. Totoo ba ang mga impormasyong binibigay sa atin? Paano mo malalaman ang katotohanan sa hindi?

Sa modyul na ito inaasahang:
Nakapagninilay ng katotohanan batay sa mga nakalap na impormasyon

- balitang napakinggan
- patalastas na nabasa/narinig
- napanood na programang pantelebisyon
- nababasa sa *internet* at mga *social networking sites*

## Subukin

Basahin ang bawat pahayag at isulat ang **T** kung tama at **M** naman kung mali. Gawin ito saiyong kuwaderno.

_____1. Hindi ko agad pinaniniwalaan ang impormasyong aking nababasa.

_____2. Lahat ng patalastas ay totoo kaya tatangkilikin ko ang mga produktong tinutukoy nito.

_____3. Ikukumpara ko ang totoo at hindi totoo sa aking nabasa sa pahayagan.

_____4. Paniniwalaan ko ang mga patalastas na aking nababasa dahil ito ay totoo.

_____5. Inaalam ko muna ang katotohanan bago ko paniwalaan ang aking mga nababasa.

_____6. Upang magamit nang tama ang *internet*, kailangang malaman ang mga salitang kaugnay nito tulad ng *facebook*, *youtube* at iba pa.

_____7. Ang pagsasaliksik gamit ang *internet* lamang ang mabisang paraan upang makakuha ng mga tamang impormasyon.

_____8. Huwag maging mapanuri sa mga pinapasok na *site* o *blogsite.*

_____9. Isang pindot mo lang makikita mo na ang gusto mong malaman sa *internet*.

_____10. Ang teknolohiya ay isang malaking bahagi ng mga pagbabago kung saan mas maayos na maipakita ang mga aralin na itinuturo sa klase.

| Aralin 1 | Katotohanan: Pagninilay-nilayan Ko |
|---|---|

# Aralin 1: Katotohanan: Pagninilay-nilayan Ko

Ang pagninilay-nilay ay paraan upang matimbang ang katotohanan sa hindi. Marami tayong makakalap na impormasyon sa mga patalastas na nababasa. Subalit kinakailangan nating magnilay-nilay upang matiyak na totoo ang mga ito. Ang batang tulad mo ay maaari na rin bang makatulong upang malaman ang katotohanan batay sa mga nakalap na impormasyon? Paano mo ito gagawin?

Ang modyul na ito ay magsisilbing gabay sa iyo kung paano mo pagninilay-nilayan ang katotohanan mula sa mga patalastas na nabasa, programang pantelebisyon at nababasa sa *internet* at *social networking sites* dahil hindi lahat ng balitang nababasa mo ay totoo. Ito ay dapat na may kongkretong ebidensiya at may patunay.



## *Balikan*

Sa unang modyul na iyong natapos, alin sa mga sumusunod ang mabuting dulot ng pagsangguni muna ng katotohanan sa taong kinauukulan bago gumawa ng anumang hakbangin? Lagyan ng tsek (/) ang mga ito.

☐ Nalalaman ang katotohanan.

☐ Nagugulo ang isipan sa pagtukoy ng katotohanan.

☐ Napatitibay ang isang katotohanan.

☐ Nauunawaan ang tamang impormasyon.

☐ Nakabibigay ng maling detalye.

## *Tuklasin*

Basahin ang dayalogo ng mag-ina at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Isang araw habang nagluluto sa kusina si Aling Ana ay patakbong lumapit ang anak niyang si Jea na hawak-hawak ang isang magasin.

Jea: Nanay, tingnan mo po ito. Ang galing nitong sabong panlaba. Bili ka po nito para hindi na tayo mahirapan sa paglalaba.

Nanay: Bakit? Ano raw sinasabi diyan?

Jea: Sabi po dito kapag itong sabon daw ang bibilhin ay tanggal agad ang mga dumi at mantsa kahit hindi na kusutin. Kaunting babad lang maaalis na.

Nanay: Ganoon ba? Pero alam mo ba anak na patalastas iyan kaya ganyan sinasabi nila kasi gusto lang nila na marami ang bumili ng kanilang produkto.

Jea: Kaya po pala gumagawa sila ng patalastas. Pero siyempre ikaw pa rin nanay ang magaling maglaba lalo na kapag katulong mo ako kaya kahit anong sabon pa gamitin natin tiyak na malinis ang ating labada.

Sagutin mo:

1.Ano ang ibinalita ni Jea sa kanyang nanay?

A. tungkol sa sabong panlaba
B. tungkol sa sabong pampaligo
C. tungkol sa sabong pampaputi
D. tungkol sa sabong panlunas sa *skin allergy*

2. Bakit kaya nagustuhan ni Jea ang sabong ito?
   A. Dahil sa mura lang ito at mabango pa.
   B. Dahil sa matigas at makapal ito.
   C. Dahil sa madaling makaalis ng dumi at mantsa.
   D. Dahil sa may maganda itong kulay.

3. Naniwala ba sa patalastas si Aling Ana? Bakit?
   A. Opo, dahil nagustuhan niya rin ito.
   B. Opo, dahil maganda ang pagkagawa ng patalastas.
   C. Hindi po, dahil patalastas lang ito upang bumenta.
   D. Hindi po, dahil nasubukan niya na ito.

## Tandaan Mo

Hindi lahat ng impormasyong maaari mong marinig, mapanood o mabasa ay may katotohanan. Iba-iba ang layunin ng mga taong nagbibigay ng impormasyon, kaya't hindi lahat ng katotohanan ay inilalantad. Ang katotohanan sa likod ng pagbibigay ng impormasyong ito ang kailangan mong matuklasan. Kailangan mong pag-aralan ang mga impormasyon mula sa balita, patalastas, programang pantelebisyon, nababasa sa *internet* at mga *social networking sites*.

Ang pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip ay hindi lamang pagsusuri kung hindi ang matamang pagninilay-nilay sa katotohanan ng mga impormasyong ito. Ang pagninilay ay ang pag-iisip ng mabuti kung ano ang mabuting gagawin sa isang bagay o sitwasyon. Tinatawag itong pagmumuni-muni, pagkukuro-kuro o pagbubulay-bulay.

Marapat na nakapagninilay ng katotohanan batay sa nakakalap na impormasyon upang hindi magsisi sa bandang huli. Ang wastong pagninilay-nilay upang alamin ang katotohanan ay makatutulong sa pagbibigay ng tamang desisyon o hangarin sa anumang gagawin.

## *Suriin*

Suriin ang patalastas:

> Gusto mo bang maging matalino?
> Huwag nang mag-alala, nandito na ang
> "*Magic Capsule*" na tutulong saiyo.
> Kaya magpabili ka na sa nanay o tatay mo.

1. Tungkol saan ang patalastas? Ito ay tungkol sa ___________.

    A. produkto
    B. pagbili
    C. magulang
    D. katalinuhan

2. Ano ang epekto ng patalastas na ito?

    A. Nakapagpapatalino sa tao
    B. Nagiging mapanuri sa pagbili
    C. Nakapagpapaganda sa magulang
    D. Natututo ng maraming kaalaman

3. Makatotohanan ba ang impormasyong hatid ng patalastas? Bakit?


    A. Opo, dahil puwede ito sa mga bata.
    B. Opo, dahil may magandang epekto ito.
    C. Hindi po, dahil kailangan pa rin ang pag-aaral nang mabuti upang maging matalino.
    D. Hindi po, dahil para lamang ito sa mga matatanda.

4. Magpapabili ka ba ng "*Magic Capsule*" na nabanggit sa patalastas? Bakit?

   A. Opo, dahil puwede ito sa batang tulad ko.
   B. Opo, dahil magiging matalino ako nito.
   C. Hindi po, dahil hindi naman ako sigurado sa magiging epekto nito.
   D. Hindi po, dahil hindi naman lahat ng patalastas ay nagsasabi ng tamang mensahe.

5. Ano ang una mong gagawin sa mga patalastas na iyong nabasa? Bakit?

   A. Bibilhin ko agad ito upang hindi ako maunahan ng iba.
   B. Pagninilay-nilayan ko ito nang mabuti upang malaman ko ang katotohanan.
   C. Paniniwalaan ko ang sinasabi nito upang maging masaya ang gumawa nito.
   D. Hihikayatin ko ang aking mga kaibigan upang bumili rin nito.




## *Pagyamanin*


**Gawain 1**

Basahin ang sitwasyon at sagutan ang tanong pagkatapos nito:

Malakas ang hangin at ulan. Papasok ng paaralan si Renz ngunit nagdadalawang-isip siya dahil tila nagbabadya ang masamang panahon. Naisipan niyang alamin muna ang lagay ng panahon. Binuksan niya ang *laptop* at nagsaliksik ng ulat

panahon sa *internet*. Kaniyang natuklasan na hindi magkakatugma ang mga impormasyon mula sa *blogs* ng iba't ibang grupo na kaniyang nabasa.

Kung ikaw si Renz, paano mo malalaman ang tamang ulat panahon gamit ang *internet*? Magbigay ng dalawang paraan.






**Gawain 2**

Araw ng Linggo, niyaya ka ng nanay mo upang mag-grocery. Tuwang-tuwa ka dahil nais mong bilhin ang paborito mong biskwit. Pagdating n'yo sa grocery store, agad kang kumuha ng dalawang supot nito. Ngunit nakita mo na katabi nito ang bagong biskwit na iniindorso ng paborito mong artista sa mga

patalastas sa mall at pahayagan. Nais mong palitan ang kinuha mong biskwit.

Ano ang iyong mga dapat tandaan sa pagsusuri ng patalastas na nabasa? Isulat ang iyong sagot sa patlang sa loob ng mga biskwit.






## *Isaisip*

Bakit mahalaga ang pagninilay-nilay ng katotohanan mula sa mga nakalap na impormasyon? Kumpletuhin ang pahayag sa loob ng kahon.

Mahalaga ang pagnilay-nilay….
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
______________

## *Isagawa*

Sa tuwing nanonood ka ng paborito mong programang pantelebisyon. Palagi mong napapanood ang patalastas na ito:




Gusto mo bang pumuti agad?
Huwag nang mag-alala! Nandito na ang sabon para saiyo
"Bida Soap" ang sabong babagay sa iyong balat Pilipina
Sa isang linggong gamitan lamang, tiyak puputi ka na!

1. Ano ang nilalayon ng pagpapalabas ng produktong ito?
    A. gawing maputi ang gagamit ng produkto
    B. gawing mabango ang mga tao
    C. maging maganda o gwapo ang gagamit nito
    D. hikayatin ang mga manonood na bumili ng produkto

2. Ano ang sinasabi ng patalastas tungkol sa produkto?

    A. Ito ay sabon para sa mga bata.
    B. Ito ay sabon na babagay kahit kanino.
    C. Ito ay sabon para sa lahat upang lalong gumanda.
    D. Ito ay sabong pampaputi para sa balat Pilipina na kapag ginamit ay puputi.

3. Sang-ayon ka ba sa inilalahad ng patalastas? Bakit?

   A. Opo, dahil kapani-paniwala ito.
   B. Opo, dahil maganda ang epekto nito.
   C. Hindi po, dahil ang balat ng tunay na Pilipina ay natural na morena.
   D. Hindi po, dahil hindi kapani-paniwala ang isang linggong pagputi ng balat.

## *Tayahin*

Lagyan ng tsek (/) ang bilang na tumutugon sa pagninilay ng katotohanan mula sa mga patalastas na nabasa at ekis (x) naman kung hindi.

______1. Pinag-aaralan ko muna nang mabuti ang gustong ipaabot na mensahe ng aking napanood.

______2. Binabasa at sinusuri ko ang mensahe ng patalastas upang hindi ako maluko.

______3. Naikukumpara ko ang totoo sa hindi totoong sinasabi ng patalastas.

______4. Pinaniniwalaan ko ang mga patalastas lalo na kung ito ay ipinakikilala ng aking paboritong artista.

______5. Tinatangkilik ko ang mga produkto dahil sa magandang patalastas ito sa telebisyon.

## *Karagdagang Gawain*

Habang nagpapahinga ka, napansin mo ang patalastas ng ice cream sa pahayagan. Agad mo itong dinampot at binasa. Mukhang takam na takam ka sa larawan at mga pahayag tungkol dito. Bukod sa mura na, may libre pang lunch box na magagamit mo sa pasukan. Dali dali mo itong ipinakita sa nanay mo upang bilhan ka nito. Agad naman siyang pumayag. Ngunit ng bibilhin na niya ang produkto, hindi ito pumasa sa kanyang pagsusuri.

Kung ikaw ang gagawa ng patalastas ng ice cream, ano-ano ang sasabihin mo upang ito'y tangkilikin ng mamimili? Isulat sa patlang ang iyong sagot.



## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. T
2. M
3. T
4. M
5. T
6. T
7. T
8. M
9. T
10. T

**Balikan**

| |
|---|
| / |
| |
| / |
| / |
| |

**Tuklasin**

1. A
2. C
3. C

**Suriin**

1. Isaliksik ang opisyal na website ng PAG-ASA
2. Isaliksik ang opisyal page ng mga nanunungkulan sa pamahalaan para sa anunsyo ng panahon

**Payamanin**

**Gawain 1**

1. D
2. D
3. A
4. D
5. D

**Gawain 2**

- Binabasa ng maigi ang mga impormasyon tungkol sa produkto.
- Naghahanap ng konkretong ebidensiya tungkol sa mabuting dulot ng produkto
- Nagtatanong sa ibang mamimili na nakasubok na ng produkto.

**Isaisip**

- walang masayang ang perang gagamitin sa pagbili ng produkto.
- makakatipid sa badget
- maiiwasan na maloko
- hindi magkamali sa bibilhing produkto
- hindi magsisi sa huli

**Isagawa**

1. D
2. D
3. D

**Pagtataya**

1. /
2. /
3. /
4. /
5. X
6. X

**Karagdagang Gawain**

1. Kailangan eksakto ang impormasyon
2. Dapat tugma ang sinasabi sa produktong pinagbibili
3. Alamin kung sino ang bibili o tatangkilik sa produkto
4. Gawin ang patalastas na tutogma sa pangangailangan o gusto ng bibili.